# Mga Madalas na Itanong

## Panukala 1: Mga Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon (General Obligation Bond) para sa Pagsasaayos ng mga Parke at Pagbili ng Lupa para sa mga Parke

Pahihintulutan ng panukalang ito, na magiging bahagi ng balota sa gagawing espesyal na eleksyon sa Abril 27, ang Lungsod na magsagawa ng mga pagsasaaayos sa walong parke, kasama na ang mga palaruan, mga lugar na bukas sa lahat para sa paglalaro, mga splash-pad, mga court na magagamit para sa iba't ibang isports, mga lakaran at sensory trail (lakaran na ginagamitan ng pandama), mga silungan para sa piknik, mga off-leash dog areas (lugar na pwedeng kalagan ang mga aso), at malalawak na lugar na pinagdarausan ng mga isport; bumili at maglagay ng mga bagong pampublikong sining sa buong lungsod; bumili at mag-ayos ng bagong lupa ng parke; mag-isyu ng hanggang $38,500,000 na general obligation bonds; at magpataw ng taunang excess property taxes (dagdag na buwis sa ari-arian) para bayaran ang mga bond na ito.

### Aling mga parke ang kakikitaan ng malalaking pagsasaayos?

Makakatanggap ang sumusunod na limang parke ng malalaking pagsasaayos:

| PARKE | MGA PLANONG PAGSASAAYOS |
|---|---|
| Briarcrest Community (East Hamlin) | • Pinagandang pasukan mula 25th Ave.<br>• Bagong palaruan<br>• Bagong splash pad<br>• Bagong silungan para sa piknik<br>• Bagong perimeter trail (lakaran)<br>• Pagpapalit ng isa sa dalawang ballfield (palaruan ng baseball) at gawing damuhan |
| Brugger's Bog | • Paglipat ng palaruan na may kasamang swing set<br>• Bagong court na magagamit para sa iba't ibang isports<br>• Bagong silungan para sa piknik<br>• Bagong palikuran<br>• Dagdag na pagpapaganda ng tanawin<br>• Bagong perimeter trail (lakaran)<br>• Bangketa |
| Hillwood | • Palitan ang court na magagamit para sa iba't ibang isports<br>• Palawakin ang palaruan na may kasamang mga adventure feature<br>• Bagong splash pad<br>• Bagong silungan para sa piknik<br>• Dagdag na pagpapaganda ng tanawin |

| | |
|---|---|
| | • Bagong perimeter trail (lakaran) |
| James Keough | • Bagong lugar na pwedeng kalagan ang mga aso<br>• Palitan ang kasalukuyang palaruan<br>• Bagong silungan para sa piknik<br>• Bagong perimeter trail (lakaran)<br>• Bagong palikuran<br>• Bagong paradahan |
| Richmond Highlands | • Palitan ang kasalukuyang palaruan ng palaruan na ganap na naa-access ng lahat ng edad<br>• Bagong court na magagamit para sa iba't ibang isports<br>• Bagong silungan para sa piknik<br>• Bagong perimeter at sensory trail (lakaran)<br>• Dagdag na bangketa<br>• Palitan ang isa sa dalawang ballfield (palaruan ng baseball) at gawing damuhan |

## Aling mga parke ang kakikitaan ng pagsasaayos sa amenidad?

Bilang karagdagan sa gagawing mahahalagang pagsasaayos sa limang parkeng nabanggit, popondohan rin ng Panukala 1 ang pagsasaayos sa amenidad ng tatlong pang parke. Kasama sa pagsasaayos ang pagpapagawa ng mga bagong lugar na pwedeng kalagan ang mga aso at palaruan sa Ridgecrest Park; pagpapaganda ng mga lugar na pwedeng kalagan ang mga aso at pag-convert ng putikang soccer field sa damuhan sa Shoreview Park; at gawing bukas sa lahat ng taong may iba't ibang kakayahan ang sentro ng edukasyon at pambatang hardin sa Kruckeberg Botanic Garden. Magagawa rin ng Lungsod na mamuhunan para sa pampublikong sining sa buong lungsod.

## Paano pinagdesisyunan ng Lungsod ang mga disenyo para sa pagsasaayos ng mga parke?

Sa loob ng tatlong taon, mula sa pakikipag-ugnayan noong ginagawa ang Plano sa Mga Parke, Libangan at Bukas na Espasyo (Parks, Recreation and Open Space, PROS), kinausap ng Lungsod ang mga residente at tinanong sila kung ano ang gusto nilang makitang mga pagsasaayos sa mga parke. Kabilang sa pakikipag-ugnayan ang mga survey, open house, pagpupulong sa komunidad, mga focus group, mga dot exercise, at mga form ng komento online. Sinasalamin ng mga disenyo ng pagpapaunlad sa parke ang mga komento ng publiko sa loob ng tatlong taong ito.

## Saan magaganap ang pagbili ng mga lupa para sa parke?

Bibili ang Lungsod ng lupa at isasaayos ito para palawakin ang Paramount Open Space, Brugger’s Bog, at Rotary Park. Tinitingnan din ng Lungsod ang pagbili ng dagdag na lupa para sa parke na malapit sa mga istasyon ng light rail at iba pang bahagi ng lungsod.

## Magkano ang aabutin ng pagsasaayos sa mga parke at mga pagbili ng lupa para dito?

Ang kasalukuyang tinatayang halaga ng mga pagsasaayos sa parke at pagbili ng lupa ay may kabuuang $38.5 milyon.

## Paano mababayaran ang mga ito?

Kung aaprubahan ng mga botante ang Panukala 1, maglalabas ang Lungsod ng mga general obligation bond na tatagal nang 20 taon. Babayaran ng Lungsod ang mga debt service (serbisyo sa utang) sa mga bond na iyon gamit ang pagtaas sa buwis sa ari-arian sa loob ng susunod na 20 taon.

## Hindi ba tayo kasalukuyang nagbabayad para sa Park Bond na pinagbotohan natin noong 2006?

Oo. Babayaaran ng Lungsod ang mga bonds na iyon nang buo bago matapos ang 2021. Ang mga pondo mula sa panukalang bond na iyon ay nagresulta sa mga pagsasaayos sa ilang parke sa Shoreline, tulad ng Richmond Beach Saltwater, Cromwell, Hamlin, Shoreview, at iba pa. Ginamit din ng Lungsod ang mga pondo para bumili ng mga ari-arian para sa mga parke at lugar pangkalikasan, tulad ng South Woods at Kruckeberg Botanic Garden.

## Magkano ang babayaran ko para sa mga pagsasaayos na ito?

Ang mga nagmamay-ari ng median value home ($517,000) ay magbabayad ng humigit-kumulang $112 kada taon, o $9 kada buwan, sa buwis sa ari-arian. Ito ay dagdag na $36 kada taon, o $3 kada buwan, kumpara sa kasalukuyang binabayarang buwis ng may-ari ng ari-arian sa 2006 Park Bond na malapit nang mag-expire. Makikita sa talaan sa ibaba ang magiging halaga ng pagsasaayos sa parke para sa iba't ibang may-ari ng ari-arian, batay sa halaga ng kanilang ari-arian, at ang pagkakaiba ng halaga nito sa binabayaran nila ngayon para sa 2006 park bond.

| Halaga ng Bond Issue = $38,500,000 | | | | Halaga ng Mag-e-expire nang 2006 Park Bond | | Net na pagtaas | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Haba ng Issue (sa Taon) | Taunang Epekto | Buwanang Epekto | Taunan | Buwanan | Taunan | Buwanan |
| Bahay na Nagkakahalagang $300,000 | 20 | $65 | $5 | $44 | $4 | $21 | $2 |
| 2020 Median Valued Home ($517,000) | 20 | $112 | $9 | $76 | $6 | $36 | $3 |
| Bahay na Nagkakahalagang $750,000 | 20 | $163 | $14 | $110 | $9 | $53 | $4 |
| Bahay na Nagkakahalagang $1,000,000 | 20 | $217 | $18 | $147 | $12 | $70 | $6 |

## May available bang mga exemption o pagpapaliban sa Buwis sa Ari-arian para sa Bond Levy na ito?

Pinapayagan ng batas ng estado ang mga hurisdiksiyon na magbigay ng mga exemption para sa ganitong uri ng Excess Property Tax Levy para sa mga Senior Citizen, Taong May Kapansanan, at May Kapansanang Beterano na nakakatugon sa mga partikular na pamantayan. Maaaring hindi masakop ng pagpapataw na ito ang mga indibidwal na nakakatugon sa pamantayan. Noong 2020, available ang exemption mula sa dagdag na pagpapataw na ito para sa mga nagbabayad ng buwis na may taunang kita na $58,423 o mas mababa pa na may edad na 62 taong gulang pataas sa taon ng buwis o isang retirado at may kapansanan. Ang taunang limitasyon sa kita ay nakakabit sa 65% ng median na kita ng sambahayan sa King County.

Kung ikaw ay 60 taong gulang o mas matanda pa o retirado dahil sa pisikal na kapansanan at may kita na $45,000 o mas mababa pa, maaaring kwalipikado ka para makatanggap ng pagpapaliban ng iyong obligasyong bayaran ang buwis sa ari-arian. Ang mga ipinagpalibang buwis ay magiging lien sa inyong ari-arian. Magagamit din ang limitadong pagpapaliban para sa 50% ng buwis na dapat bayaran kung matutugunan ang mga partikular na kinakailangan sa kita at pagbabayad ng buwis.

Available lang ang mga exemption o pagpapaliban sa mga residenteng may-ari at nakatira sa isang bahay, mobile home, condo, o co-op. Puwedeng kumpletuhin ng mga naniniwalang karapat-dapat sila ang isang simpleng proseso ng aplikasyon sa King County. Makikita ang mga detalye ng programa sa exemption at pagpapaliban at mga panuntunan sa aplikasyon sa KingCounty.gov/Assessor.

## Kailangan ba ng panukalang bond na ito ng 60% na "yes" na boto para maipasa?

Oo. Para maipasa, ang mga bond ay kailangang mabigyang-bisa sa dalawang paraan:

- Hindi bababa sa 60% na "yes" na boto
- Hindi bababa sa 40% na pagdalo ng mga botante na bumoto sa huling pangkalahatang eleksyon sa loob ng lungsod.

## Ano ang mga kinakailangan sa pagpapatunay para sa panukalang balota sa Abril?

Ang mga espesyal at pangunahing eleksyon ay kailangang magkaroon ng kahit 40% man lang ng bilang ng botong nagawa noong nakaraang eleksyon (Nobyembre) para bigyang-bisa ang panukalang balota sa eleksyong iyon. Sa baba ay makikita kung ilang boto ang kailangan ng panukala para bigyang-bisa ang espesyal na eleksyon sa Abril.

| **Aktibong nakarehistrong botante** | **Mga botanteng bumoto noong 11/3/20** | **40% ng botong kailangan para bigyang-bisa** | **60% na botong "yes" na kinakailangan para sa pagbibigay ng bisa na kailangan sa pag-apruba ng bond** |
|---|---|---|---|
| 40,520 | 35,254 | 14,102 | 8,461 |

## Mga pinal na disenyo na ba ang konsepto ng disenyo noong 2018? Magkakaroon pa ba ng karagdagang pampublikong proseso sa pagdidisenyo ng mga parke?

Mga konsepto ng disenyong pinagsama-sama noong 2018 bilang bahagi ng proseso sa pagpaplano ang mga larawang nakikita mo sa website at mga materyales para sa presentasyon. Sinasalamin

nito ang mga priyoridad mula sa feedbak ng publiko kaugnay ng mga piniling uri ng mga amenidad sa parke at sinadya para magbigay ng pangkalahatang ideya kung ano ang magiging hitsura ng mga pagpapahusay sa parke. Kapag pumasa ang Panukala 1, pupunta na tayo sa pangwakas na yugto ng disenyo para sa mga proyektong ito. Magkakaroon ng proseso ng pampublikong pakikipag-ugnayan na isasama sa proseso ng pinal na disenyo. Hindi magbabago sa pinal na disenyo ang mga amenidad na ilalagay sa bawat parke at ang pangkalahatang lokasyon ng mga amenidad.

## Mayroon bang aalisin na mga puno bilang bahagi ng mga pagpapahusay?

Layunin naming protektahan ang pinakamaraming puno hangga't maaari para sa lahat ng proyekto sa pagpapahusay ng Lungsod, lalo na ang anumang mahalagang puno, habang nagbibigay rin ng mga oportunidad sa panlabas na paglilibang para sa komunidad ng Shoreline. Posibleng kailanganing alisin ang ilang puno; ngunit, magiging bahagi ng mga proyekto sa pagpapahusay ang pagtatanim ng puno at muling pagpapalago ng mga halaman. Layunin ng Lungsod na magdagdag ng mga punong pino at punong nalalagas ang dahon sa ilang parke na sumasailalim sa mga pagpapahusay, bukod pa sa mga tampok na puno na litaw na litaw ang hitsura. Sa kasalukuyan, tinatayang halos 100 bagong puno ang itatanim. Magkakaroon din ng mga karagdagang halaman na itatanim, kagaya ng mga halaman sa buffer at mga rain garden.